# Buwan ng Wika ipinagdiwang sa lalawigan



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Kaugnay ng pagdiriwang ng Wikang Pambansa tuwing buong buwan ng Agosto ng bawa't taon, ipinalabas kamakailan ng Tanggapan ng Punong Panlalawigan ang Kautusang Tagapagpaganap Blg.2009-14 na nag-aatas sa lahat ng mga tanggapan, kawanihan, kagawaran at ahensiya ng pamahalaan, at sa lahat ng pribadong tanggapan at lahat ng paaralan sa buong lalawigan ng Camarines Norte na gamitin ang Wikang Filipino, ang ating wikang pambansa, sa lahat ng opisyal na mga transaksyon, sulat at korespondensya sa buong buwan ng Agosto.

Matatandaan na itinadhana ng ating 1987 Saligang Batas na ang Wikang Filipino ang siyang opisyal na wika ng ating bansa. Dahil dito, nararapat lamang na ipakita ang pagtalima rito upang ang ating wika ay maging mabisang kasangkapan sa isang matibay na pag-uugnayan at pagkakaisa tungo sa pagtamo ng pambansang kaayusan at kapayapaan. Kailangang gamitin din ito upang maipagpatuloy ang lalo pang pagpapatingkad ng pagkamakabayan ng mga Pilipino habang nagpupunyagi para sa ibayong pagkakaunawaan at pagpapalagayang-loob.

Samantala, sa pagnanais ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at sa pakikipagtulungan ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan na patuloy na linangin, mapalawak at mapayabong ang Kulturang Filipino sa pamamagitan ng Wikang Pambansa, ay gi-

(Sundan sa pahina 8)

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO, 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

nasa loob

EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7
Salamat Gob HELP column p 2

# Turismo ng CNorte pang-3 sa Bikol at ika-12 sa buong Pilipinas



Ang lalawigan ng Camarines Norte ay pumangatlo sa buong Rehiyong Bikol at panlabindalawa sa buong Pilipinas na paboritong puntahan ng mga lokal at banyagang turista.

Ito ang nalathala sa dalawang (2) pambansang pahayagan na *Philippine Daily Inquirer* at *Manila Standard Today* kaugnay ng naitalang estadistika susog sa gina-

(Sundan sa pahina 9)

*Si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kasama ang mga barangay officials dito sa bayan ng Daet nang ipamahagi niya ang 25 mountain bikes para sa 25 barangay ng Daet. Ginanap sa tanggapan ng gobernador at sinaksihan ng mga barangay officials mula sa iba't-ibang barangay dito sa Daet ang naturang pamamahagi.*

# Mga bagong opisyal ng pederasyon ng WEOs nanumpa sa tungkulin



Engr. Leopoldo P. Badiola, EERMD Chief

Nanumpa sa tungkulin ang mga opisyales ng Pederasyon ng *Wildlife Enforcement Officers (WEOs)* sa harap ni Engr. Leopoldo P. Badiola, hepe ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.)* sa isang simpleng programang idinaos sa Brgy. Iraya Sur, San Vicente, Camarines Norte noong Agosto 20, 2009.

Ang panunumpa ng mga napiling opisyales ng *WEOs* ay sinaksihan nina Engr. Gerardo G. Quiñones, *Executive Assistant IV, G.O.*; Konsehal Nestor C. Gonzales ng Sangguniang Bayan ng San Vicente; mga opisyales ng Brgy. Iraya Sur sa pamumuno ni Punong Barangay Domingo Alban, mga kawani ng lokal na tanggapan ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* at mga kawani ng *EERMD-G.O.*

Ang mga nanumpa sa tungkulin ay pinangunahan ng kanilang pangulo na si Cecilio Babala, Jr., WEO ng Brgy. Tulay na Lupa, Labo kasama ang mga pangalawang pangulo na sina Jose Sergio, WEO Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz; Noel Gonzales, WEO Brgy. Iraya Sur, San Vicente at Domingo Logina, WEO Brgy. Tulay na Lupa, Labo. Ang iba pang opisyales na sumumpa sa kani-kanilang tungkulin ay sina Manuel Banila, Jr. – Kalihim; Romulo Diaz, Jr. – Ingatyaman; Arthur Lurcha – Tagasulit; Sixto Villacrusis, Sr., Alex Medollar, Nicanor Rada, Moises Regalado, Jesus Palencia at Antonio Conda, Jr. na kabilang sa *Board of Directors (BOD)* nito.

Sa mensahe ni Engr. Quiñones, sinabi niya na ang pamahalaang panlalawigan sa pamumuno ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ay sumusuporta sa kampanya upang mapangalagaan ang *Abasig-Matogdon-Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA)* sa pamamagitan ng paglalaan ng pondo bilang tulong sa nasabing gawain.

Samantala, pinasalamatan naman ni Engr. Badiola ang *barangay council* ng Brgy. Iraya Sur at iba pang *barangay councils* ng bayan ng San Vicente kung saan may nasasakupang bahagi ang *AMMNBA*, sa ipinamalas nilang kooperasyon sa lahat ng gawaing may kinalaman sa pangangalaga sa nabanggit na *protected area*. Binanggit din niya na ang pagkakaroon ng mga *WEOs* mula sa San Vicente ay bunsod na rin ng pagnanais ni *Mayor* Stanley G. Alegre na kaagad namang binigyang pansin ng pamahalaang panlalawigan.

Matatandaan na ang pederasyon ng *WEOs* na binubuo ng 32 kasapi mula sa mga bayan ng Labo, San Lorenzo Ruiz at San Vicente ay pinagkalooban ng *deputation order* ng *DENR* upang mangalaga sa *AMMNBA* matapos silang sumailalim sa isang seminar tungkol sa batas paggugubat *(forestry law)* na magkatuwang na itinataguyod ng nasabing ahensya at ng *EERMD-GO*. ***(GCB)***



***Pinangunahan ni Engr. Gerardo Quiñones, Executive Assistant IV ng Governor's Office (GO) at Engr. Leopoldo P. Badiola ng EERMD-GO ang panunumpa ng mga WEO Officers sa pamumuno ni Cecilio Babala, Jr. ng Tulay na Lupa, Labo bilang pangulo nito. Kasama rin sa larawan sina SB Nestor C. Gonzales ng Sangguniang Bayan ng San Vicente, at PB Domingo Alban ng Iraya Sur, San Vicente.***

## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Aug | 3 | – | Teresita Mago of Brgy. Guinacutan, Labo for Reles Boys Team for a basketball tournament | P500.00 |
| | | – | Rebecca R. Adamos of Brgy. I, Daet for tuition of her child | 1,000.00 |
| | | – | Allan A. Lipnica, Brgy. II, Daet for basketball tournament | 500.00 |
| | 6 | – | Ramon Martinez of "Ka Siete (7) Inc." Team Brgy. 7 Daet for basketball tournament | 500.00 |
| | | – | Mark Felix Serrano of Brgy. Canapawan, Labo for some fiesta activities | 500.00 |
| | | – | Mary Ann Pasa, mother of Ruth Noime B. Pasa of Jose Panganiban Elementary School for DBC uniform | 500.00 |
| | | – | Kgd. Cora Y. Bacerdo for her daughter at the Ateneo de Naga University for their souvenir program | 1,000.00 |
| | 12 | – | Leopoldo Surta of Larap Pastoral Council of the Parish of St. Roch, Brgy., Larap, Jose Panganiban for the Search for Mutyang Ginang and Binibini ng Parokya 2009 | 1,000.00 |
| | | – | Jaymark Yanesa of Brgy. IV, Daet and Anjas Basketball Team for a basketball tournament | 500.00 |
| | | – | William Laborte for medical assistance to Aida Laborte | 1,000.00 |
| | | – | Nelson Datiles of Brother's Porter Association, Daet for an Anniversary Party | 500.00 |
| | 17 | – | Vernie A. Pandeagua of Brgy. Itomang, Talisay for a basketball tournament | 500.00 |
| | | – | Michelle C. Gaco of Brgy. Caawigan, Talisay for a basketball tournament | 500.00 |
| | | – | Maritess Bautista of Brgy. Cobangbang for Edmar Bautista for a quiz show at UP Los Baños | 500.00 |
| | | – | Nilda Sunguad of Brgy. 3 Mercedes for medicine | 200.00 |
| | 24 | – | Jonel Calayo, SK Chairman of Brgy. Malaguit, Paracale for basketball tournament | 500.00 |
| | | – | Nicanor B. Paliza of Brgy. Pamorangon, Daet for the purchase of a tricycle sidecar | 20,000.00 |
| | | – | Junnel Topular of Brgy. Mambulangon, Mercedes for the prizes to different games for fiesta activities | 1,000.00 |
| | | – | Edgaline A. Villanueva of CNSC (College of Education) for CE Local Intramurals | 500.00 |
| | | | **T O T A L** | **P31,200.00** |

# Commission on Filipinos Overseas
# Task Force Against Human Trafficking

**MAGING ALISTO, MAG-INGAT...**

**MAY MAGAGAWA KA...**

**HUWAG MAGING BIKTIMA NG TRAFFICKING...**

**TUMULONG LABANAN ANG TRAFFICKING...**

**Ano ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao?**

Ang *trafficking* (pagkakalakal) ng tao ay kinabibilangan ng pangangalap, pagkakanlong o pagbebenta ng mga tao, sa loob man ng isang bansa o sa pagitan ng mga hangganang bansa, upang pagsamantalahan ang kanilang lakas paggawa. Ang mga taong ikinakalakal ay isinasadlak sa prostitusyon, paninilbihang pantahanan, gapos ng paggawa ng mga pabrika, at iba pang mga uri ng mapang-aliping trabaho o gawain.

Ang nga *traffickers*, maging ito man ay grupong kriminal o indibidwal, ay nangangako ng trabaho o kasal at nagbibigay ng tulong upang bayaran ang pasaporte, lisensya sa pagtratrabaho at transportasyon ng mga kababaihan at mga bata.

Ang mga biktima ng *trafficking* ay kalimitang inilalagay sa isang hindi – ligtas o iligal na tirahan at trabaho. Dahil malayo sa kanilang tahanan, ang mga *traffickers* o *employers* ay pwersahang isinasadlak sa prostitusyon, gapos na paggawa at iba pang gawain ang mga biktima, tulad ng:

**Pagkumpiska sa mga dokumento:** pasaporte, *birth certificate*, *identification card (I.D.)*, listahan ng *addresses* ng mga kakilala.

**Pagkatali sa Pagkakautang:** Kapag ang isang tao ay pumirma sa kontrata at makarating sa lugar na pupuntahan, ang *trafficker* o *employer* ay hindi ibibigay ang sweldo bilang kabayaran sa mga ginastos, tulad ng transportasyon, pasaporte at *visa*.

**Pisikal na Pang-aabuso:** pagsuntok, pagsampal, paghatak ng buhok, pananadyak, sapilitang pakikipagtalik at paggamit ng mapanganib na armas tulad ng baril o patalim.

**Emosyonal at Sikolohikal na Pang-aabuso:** pananakot na sasaktan ang kapamilya, pagkuha sa anak ng biktima, pananakot na isusumbong sa awtoridad tulad ng pulis o *immigration officers*, paninira sa ari-arian ng biktima, paninirang-puri at pwersahang pagpapagawa ng isang ilegal na bagay sa biktima.

**Pagbubukod:** pagtatago sa isang silid o tirahan na walang anumang komunikasyon sa mga kaibigan, grupong relihiyoso o sosyal.

**Paano ko mapapangalagaan ang aking sarili?**

**Alamin** ang *address* at numero ng telepono ng embahada o konsulado ng Pilipinas na malapit sa iyong tutuluyan.

**Alamin** ang pangalan, *address* at numero ng telepono ng lugar na pupuntahan. Kung maaari, tawagan o sulatan ang *employer* sa bansang pupuntahan upang makumpirma na ikaw ay magtatrabaho sa nasabing lugar. Magtanong sa uri ng magiging trabaho, sweldong matatanggap at mga kondisyon sa paninirahan.

**Tumingin at komunsulta** sa mga ahensya ng pamahalaan tulad ng POEA, DFA, CFO, at mga Non-Government Organizations (NGOs) upang matukoy kung ang tao o kumpanyang inaaplayan ay lehitimo o mapagkakatiwalan.

Karamihan sa mga lehitimong *employers* ay nagbibigay ng kontrata. Huwag kaagad pumirma sa kontrata kapag may nakasaad na hindi mo maintindihan. Ikonsulta muna ito sa isang abogado, kawani ng gobyerno, *NGO* o sa isang taong mapagkakatiwalaan. Sabihin sa iyong kapamilya at kaibigan kung kailan ang araw ng iyong pag-alis at bigyan sila ng *address* ng lugar kung saan ka mamamalagi.

**Ano ang gagawin ko kapag dumating na sa lugar ng destinasyon?**

**Huwag** ibigay ang iyong pasaporte sa kaninuman. Anuman ang iyong ligal na kalagayan, hindi kailangan ng *employer* ang iyong pasaporte at wala siyang karapatan na hawakan ito.

**Magtago** ng kopya ng pasaporte sa isang lugar na ikaw lamang ang nakakaalam.

**Alamin** at matutunan ang mga pangunahing pananalita o lengwahe sa lugar na iyong pupuntahan.

**Magparehistro** sa embahada o konsulado ng Pilipinas sa ibang bansa.

**Tawagan** ang iyong kapamilya o kaibigan sa Pilipinas kapag nakarating na sa lugar na puntahan. Makipag-ugnayan sa taong ito tungkol sa iyong kalagayan.

**Ano ang gagawin ko kapag nangailangan ng tulong?**

Tumawag sa pulisya kapag ang iyong buhay ay nanganganib o aktwal na nasaktan. Ikaw ay may karapatan na mapangalagaan at maprotektahan ng dayuhang pamahalaan laban sa karahasan.

Makipag-ugnayan sa embahada o konsulado ng Pilipinas na malapit sa iyong lokasyon. Kapag nahuli, ikaw ay may karapatan na magsalita sa embahada o konsulado. Ito ay nagbibigay ng iba't-ibang serbisyo tulad ng *counseling*, pansamantalang tutuluyan, tulong na ligal, at pag-asikaso ng mga papeles pabalik ng Pilipinas.

Kung ikaw ay natatakot na pumunta sa pulisya, may mga lugar na maaari mong hingian ng tulong tulad ng:

- Ospital
- Simbahan
- Panuluyan sa mga kababaihan at mga bata
- Ahensiyang ligal
- *Immigration Services Groups*
- *Filipino Community Groups and Associations.*

Ang mga nabanggit sa itaas ay munting paalaala lamang upang maiwasang maging biktima ng *trafficking*.

# Iba't-ibang aktibidad isinagawa ng WVDFI para isulong ang RA 9208

Dahil sa patuloy na pagtaas ng kaso ng mga nabibiktima ng trapiking lalo na ang mga kabataan at kababaehan sa lalawigan, isinusulong ngayon ng *World Vision Development Foundation, Inc. (WVDFI)* ang pagpapalaganap ng impormasyon ukol sa ***RA 9208*** na mas kilala bilang *Anti-Trafficking in Persons Act of 2003 – An Act to Institute Policies to Eliminate Trafficking in Persons Especially Women and Children, Establishing the Necessary Institutional Mechanisms for the Protection and Support of Trafficked Persons, Providing Penalties for its Violations, and for other Purposes*.

Isa lamang ito sa mga proyektong itinataguyod ng *WVDFI* sa ilalim ng programa nitong Pag-**A**aral ng **B**ata para sa **K**inabukasan *Initiative 2 (ABK2)* na nagsimula noong Setyembre 2007 at magtatapos sa Mayo 2011. Ipagpapatuloy nito ang mga hindi natapos na gawain sa *ABK1* na nagtapos noong Marso 2008.

Ang isa sa mga katangi-tanging nagawa ng

*(Sundan sa pahina 5)*



***Si MSWDO Teresita M. dela Cruz ng bayan ng Mercedes kasama si Punong Barangay Lorenzo Rayos ng Brgy. 7 habang ibinibigay ang mga bayong sa mga residente ng nasabing barangay sa inilunsad nilang programang "Balik Bayong Kami sa Brgy. 7, Mercedes, Camarines Norte" kaugnay ng kanilang "Waste Management Program" upang maiwasan ang paggamit ng plastik na nakapagpaparami ng basura sa nasabing bayan.***




# EDITORYAL

## Teacher's Training for Social Dev't.

Isa sa mga ki- nikilalang sektor na may direktang impluwensya sa lokal na komunidad ay ang mga guro. Kung kaya't bilang mga direktang manggagawa sa komunidad, alam nila ang sitwasyon at pangangailangan ng mga mamamayan lalo't higit ang mga kabataan na kanilang tinuturuan. Isa sa kanilang mga pangunahing problema ay ang mga kabataang halos walang interes na pumasok sa paaralan dahil na rin sa isyu ng kahirapan.

Dahil sa ganitong sitwasyon, minarapat ng Pag-**A**aral ng **B**ata para sa **K**inabukasan *(ABK) 2 Initiative* na ipinatutupad ng *World Vision Development Foundation(WORLD VISION)* at ng *Education Research and Development Assistance (ERDA)* sa Camarines Norte na isailalim *sa Teacher's Training for Social Development* ang mga piling guro sa mga lugar kung saan ipinatutupad ang *ABK 2 Initiative*.

Layunin ng pagsasanay na bigyan ng kapasidad ang mga guro na gawing kasiya-siya ang kanilang *learning sessions* para makuha ang interes at atensyon ng mga kabataan para mapag-ibayo ang kanilang pakikiisa at partisipasyon sa mga sesyon na isinasagawa sa silid-aralan. Kasabay nito ang pagbibigay ng kakayahan sa mga guro na humanap ng iba pang paraan upang matugunan ang mga pasilidad at iba pang pangangailangan ng paaralan.

Kaugnay nito, higit sa 40 piling guro at *school administrators* ang dumalo sa nasabing pagsasanay na isinagawa noong Hulyo 1-4 2009 sa *Villa Mila Hotel and Resort*, Daet, Camarines Norte. Ilan sa mga paksang tinalakay rito ay ang mga proseso sa pagalam o pagtukoy sa sitwasyon ng komunidad sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pag-aaral *(research)*, paraan sa paggawa ng dokumentasyon *(Teacher as a Chronicler)* at bilang isang *direct worker* na maaring makatulong sa pag-unlad ng komunidad.

Ang mga gurong nagsanay ay inaaasahang makakatulong ng proyektong *ABK 2 Initiative* sa pagbibigay ng kaalaman sa komunidad hinggil sa masamang epekto ng *child labor* sa mga kabataan, pagsubaybay sa *"educational performance"* ng mga kabataang tinutulungan ng proyekto, gayundin sa pagsusulong ng kaalaman na ang EDUKASYON ay SUSI upang makaahon sa kahirapan ang pamilya ng mga kabataang nasasadlak sa maagang paggawa. ***(LIZA V. EYO)***




# 3 paaralang elementarya kalahok sa Football League U11 at U13

Ang *Camarines Norte FA Football League U11 and U13 (Boys and Girls)* ay sinimulan noong Agosto 30 sa pamamagitan ng isang programa na isinagawa sa *Rizal Monument Park* (Bantayog) na katapat ng dating munisipyo ng bayan ng Daet. Dumalo rito ang ilang opisyal ng pamahalaang panlalawigan at iba pang personahe na sumusuporta sa pagpapaunlad ng larong *football* dito sa lalawigan.

Matapos ang programa, kaagad naglaro ang *1 Mantagbac Black Dragon vs 2 Daet Elementary-A* kung saan nanalo ang *1 Mantagbac Black Dragon*. Sumunod na naglaro ang *3 Moreno Shaolin vs 4 Mantagbac Red Tigers* kung saan nangibabaw ang koponan ng *3 Moreno Shaolin.* Huling naglaro ang koponan ng *5 Daet Elementary-C* kontra sa *6 Mantagbac Wings* kung saan nanalo ang *5 Daet Elementary-C*. Ang iba pang koponan na kasali sa liga ay ang *7 Daet Elementary B* at *8 Moreno Black Eagles*.

Una rito, ang mga manlalaro mula sa mga paaralang elementarya ng Daet, Mantagbac at Moreno dito sa bayan ng Daet ay una nang sumailalim sa pagsasanay sa larong *football*. Ang mga pangunahing hakbang, estilo at istratehiya gayundin ang mga patakaran at alituntunin ng laro ay itinuro sa kanila ng mga tagapagsanay na sina Randy Serrano, Ryan Alcantara, Romnick Lavares at Jose O. Cacho, Jr. Sila ay nagbigay ng libre at boluntaryong serbisyo sa layuning makaengganyo at makapagsanay ng mga kabataang may malaking potensyal na magtagumpay sa larangan ng *football*.

Ang naturang liga na itinataguyod ng *Camarines Norte Football Association, Inc. (CNFA) League Competition* ay bahagi ng *development program* ng *Philippine Football Federation League (PFFL)*. Ito ay isinasagawa sa *Rizal Monument Park* (Bantayog) tuwing araw ng Linggo simula Agosto 30 hanggang Oktubre 25, 2009 sa ilalim ng superbisyon nina *Provincial Sports (PS) Coordinator* Jose C. Reniva at *CNFA chairman* Jose O. Cacho, Jr..

Matatandaan din na una nang nakipag-ugnayan sa *PFFL* si *PS*

***(Sundan sa pahina 9)***

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism - Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Kapakanan ng mga SNP Volunteers/DCWs isusulong ng mga lokal na opisyal dito

Isusulong ng mga lokal na opisyal sa lalawigan ang pagbibigay ng dagdag na benepisyo para sa mga *supervised neighborhood play (SNP) volunteers* at *day care workers (DCWs)* na nagbibigay ng *day care service* sa kabila ng napakaliit na halagang tinatanggap nila. Halos 80% ang ambag nila sa implementasyon ng mga gawain sa ilalim ng programang *early childhood care and development (ECCD)*. Ito ay bilang pagkilala sa mahalagang papel ng mga *SNP volunteers* at *DCWs* sa pag-hubog sa pangkaisipan, pansosyal at pampisikal na kakayahan ng mga *day care children* upang ihanda sila sa pagpasok sa elementarya.

Pinangunahan ni Bokal Jonah G. Pimentel ang pagpapahayag nito sa isinagawang *SNP Volunteers/DCWs Congress* noong Agosto 14, 2009 sa Wiltan Hotel, Daet, Camarines Norte na may temang, *"Taking Care of Our Future Today"*. Ito ay sa bahagi ng *panel discussion* na nakatuon sa mga hamon at paghanap ng mga solusyon *(recognizing challenges and finding solutions)* sa mga isyu at usapin patungkol sa implementasyon ng *ECCD*.

Samantala, dumalo sa naturang kongreso ang may 350 *SNP volunteers/DCWs* mula sa 380 *day care centers (DCCs)* sa labindalawang (12) bayan ng lalawigan.

Dumating din sa okasyon si Bokal Teresita DL. Malubay, ng Sangguniang Panlalawigan. Nakiisa rin sa okasyon ang mga *municipal social welfare and development officers (MSWDOs)*, mga miyembro ng *Provincial Early Childhood Care and Development Coordinating Council/Children in Need of Special Protection (PECCDCC/CNSP)*, *Sangguniang Bayan (SB) Committee Chairperson on Education*, at Liga ng mga Barangay *Presidents.*

Ang nabanggit na kongreso ay isinagawa sa layuning matalakay ang kahalagahan ng *ECCD* sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na *day care services* at mai-*promote* ang kapakanan/kagalingan *(welfare)* ng mga *SNP volunteers* at *DCWs.* Tinalakay rin dito ang mga mahahalagang aspeto patungkol sa *implementing rules and regulations (IRR)* ng *Executive Order 685 (Expanding the Preschool Coverage to Include Children Enrolled in Day Care Centers).*

Ginanap din ang naturang gawain sa layuning mahikayat ang mga kinauukulang opisyal na magsagawa ng mga *legislative measures* na makatutulong para maisulong ang kapakanan ng mga *SNP volunteers* at *DCWs* para sa mas malawakan at kumprehensibong pagsasakatuparan ng *ECCD*.

Nagkaroon din ng *panel discussion* kung saan tinukoy ang mga hamon o problema patungkol sa *ECCD* at pinag-usapan din ang mga posibleng solusyon *(recognizing challenges and finding solutions)* sa mga isyu at usapin na nakaaapekto rito.

Kaugnay nito, tinalakay ni Ms. Cynthia R. dela Cruz, *Social Welfare Officer II* ng *PSWDO* ang Day *Care Service/ SNP: Access to Formal Schooling*, at *Brain-Based Approach and its Implication to Early Childhood Education*. Pinangunahan naman ni Ms. Lorna C. de Claro, *PSWD Officer* at *PECCDCC Coordinator* ang *Presentation of Situation of Pre-school Children, Status of Pre-school Facilities and CBMS and SR-MICS Data*. Nagbahagi naman ng karanasan ang ilang *DCWs in providing early education thru day care and supervised neighborhood play*. Nagsagawa rin ng *open forum* kung saan mas nabigyanglinaw ang ilang isyu at usapin sa mga paksang tinalakay.

Bilang karagdagan, ipinalabas ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang *EO 685* bilang pagtupad sa naipangako ng bansa sa *Global Movement on Education for All (EFA)* noon pang taong 1990 at pagpatibay nito sa naipangako niya sa *Philippine EFA 2010 National Action Plan*, ang isang *component* (bahagi) nito ay ang *universal participation* at *total elimination* ng *drop-out* at pag-ulit *(repetition)* sa Grades 1-3 sa pamamagitan ng de-kalidad na seguradong programa para sa mga *pre-school* at *ECCD* para sa mga kabataang may edad 3-5 taon.

Ayon sa naturang kaatasan ng Pangulo, ang pre-school experiences ay nagbibigay ng *essential stimulation* na kinakailangan ng mga kabataang may edad 5 taon para maging handa sila sa pormal na pag-aaral sa *Grade I*, kaya dapat itong palawakin para maabot ang lahat na kabataang may edad 5 taon, na ang unang prayoridad ay pag-abot sa mga kabataang *least likely to enter school* o malaki ang posibilidad na mag-*drop-out* o mag-ulit ng *Grades 1-3*.

Nakasaad sa Seksyon 2 at 3 ng *EO 685* na ang mga nanatiling *DCC workers* ay bibigyan ng *Department of Education (DepEd)* ng *teacher training on the curriculum and competencies* para sa *pre-school education* gayundin ng mga kinakailangang *instructional materials,* at ang superbisyon ng mga *educational programs, curriculum* at *instruction sa mga DCCs ay* gagampanan din ng ahensya.

Nakapaloob sa Seksyon 5 nito na ang mga sumusunod na programa ay dapat na patuloy na suportahan ng mga pamahalaang lokal *in the form of basic infrastructure, provision of facilities, materials and equipment, at compensation to service providers: i) day care program; ii) parent effectiveness service;/ iii) child minding centers; iv) family day care;* at *v) parent-child development program.*

Sa ilalim ng Seksyon 6 nito, ang *Department of Social Welfare and Devt. (DSWD)* at iba pang ahensyang miyembro ng *National Early Childhood Care Devt. Coordinating Council (NECCDCC)* ay patuloy na tutuparin ang kanilang mga tungkuling nakasaad sa Seksyon 26 at 27 ng *Rule IV ng Rules and Regulations implementing RA 8980* na nakabatay sa mandato ng *DepEd* sa pagpapalawak nito sa *Pre-School Programs* na nakapaloob sa *EO 685*. ***LORENA T. IBASCO***




## Iba't-ibang aktibidad...

*(Mula sa pahina 3)*

*WVDFI* sa lalawigan ng Camarines Norte ay ang inisyatibo nito na nagbunga sa pagkaligtas sa 4 na kabataan mula sa posibilidad ng isang *trafficking activity* o pangangalakal sa tao. Sa impormasyong natanggap nito ukol sa insidente, nakipagugnayan agad ito sa mga kinauukulang opisyal at tanggapan na nagbunga sa pagkakaligtas sa mga kabataan at pagkakadakip sa *illegal recruiter*. Ang mga kabataan ay mula sa *coastal barangay* ng Quinapaguian sa bayan ng Mercedes na inalok ng trabaho at ibibyahe sana patungong Angeles, Pampanga.

Maliban dito, ilang serye ng *orientation activities* ukol sa *RA 9208* ang isinagawa nito kamakailan sa mga minahang barangay ng Luklukan Norte, Sta. Elena at Luklukan Sur sa bayan ng Jose Panganiban. Dumalo rito ang mga kaukulang *community watch groups (CWGs), barangay children associations* gayundin ang konseho at asosasyon ng mga magulang ng mga *child laborers.* Layunin nito na hikayatin ang mga magulang at samahan na kumilos para maiahon ang mga kabataan mula sa mapanganib na paggawa sa minahan at maibalik sila sa paaralan.

Itinaguyod din kamakailan ng *WVDFI* ang *awareness contest on basic laws protecting children* na nilahukan ng *Barangay Councils for the Protection of Children (BCPCs)* at *CWGs* sa 5 barangay na nasasaklaw ng implementasyon ng *ABK1 Project* tulad ng Brgy. Dalas sa bayan ng Labo, at mga barangay ng Sta. Rosa Sur, Sta. Elena, Luklukan Norte at Luklukan Sur sa bayan ng Jose Panganiban.

Layunin nito na ang mga kaalaman at impormasyong natutuhan ng mga dumalo ay maibahagi nila sa mga magulang sa kani-kanilang nasasakupan. Naipaabot din sa kanila ang iba't-ibang mukha ng *trafficking* (pangangalakal) sa tao lalo na ang mga kabataan at kababaehan na hantad sa mga pang-aabuso at pagsasamantala.

Lumahok din sa naturang patimpalak ang *coastal barangay* ng Quinapaguian ng bayan ng Mercedes sa hangaring masukat ang antas ng kaalaman ng mga magulang ukol sa iba't-ibang batas na nagbibigay-

*(Sundan sa pahina 8)*

# Provincial Communication Plan ipinatutupad sa ilalim ng CPC 6



**Elena B. Austria**
APPDC-PPDO

Ang *Provincial Communication Task Force* ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)* ay ipinatutupad ngayong taong 2009 ang *Provincial Communication Plan* na nakasentro ang kampanya at malawakang pagbibigay ng impormasyon upang labanan ang malnutrisyon sa *disparity barangays* sa lalawigan.

Ang naturang plano ay nakatuon sa pangkalahatang tema na, "Pagmamahal ni Nanay na Inihahain ang Abot-Kaya at Masustansyang Pagkain". Susog ito sa isinagawang *problem tree analysis* kung saan lumabas na ang problema sa maling nutrisyon/kakulangan sa nutrisyon *(malnutrition/undernutrition)* ay sanhi ng kakulangan sa kaalaman ng mga ina ukol sa wastong nutrisyon na nagreresulta sa pagkakasakit/pagkakahantad sa panganib sa iba't-ibang sakit *(vulnerable to diseases)* ng mga miyembro ng pamilya.

Natukoy naman sa *stakeholders analysis* na ang malnutrisyon ay sanhi ng: kakulangan sa kaalaman ukol sa kalusugan at nutrisyon; limitadong kakayahan na magbigay ng sapat na pagkain dahil sa mababang kita/*inadequate access to food*.

Dahil *dito*, binigyang-pansin sa plano ang produksyon ng mga *information education communication (IEC) materials* tulad ng mga *posters, brochures* at *tarpaulin* na ipamamahagi sa 10 *disparity barangays* na nasasaklaw ng *Sixth Country Programme for Children (CPC)*. Ang *PCTF* ay bubuo rin ng isang *radio plug* na isasahimapawid nito sa mga istasyon ng radyo sa lalawigan para sa mas malawakang kaalaman at impormasyon ng mga mamamayan dito.

Kabilang din dito ang pagsasagawa ng *face-to-face/one-on-one advocacy campaign* sa mga ina/tagapangalaga*(mothers/caregivers)* na pangangasiwaan ng mga *barangay health workers (BHWs)/Barangay Nutrition Scholars (BNSs)*. Katuwang ang mga *rural health midwives* sa isasagawang *advocacy campaign* na ito na una nang sumailalim sa pagsasanay ukol dito.

Layunin ng mga nabanggit na gawain na mabigyan ng angkop na impormasyon at kaalaman ang mga magulang ukol sa paghahanda ng masustansya at abot-kayang pagkain para sa kanilang pamilya. Binibigyang-diin dito na sa taong masipag at matiyaga, hindi magastos ang tamang nutrisyon. Ang kailangan lang ay magtanim ng prutas at gulay sa bakuran o makitanim para sa kunsumo ng pamilya at kung sobra ang ani ay maaari pang magbenta. Kabilang din sa layunin nito na maipaabot sa mga kinauukulang opisyal ng pamahalaan ang problema sa nutrisyon at hikayatin sila na kumilos para malutas ang problema sa malnutrisyon.

Samantala, ang *disparity barangays* ay tumutukoy sa mga barangay na mababa ang bahagdan o hindi naabot ang kanilang target sa mga panguna-hing *indicators* ng *health and nutrition, education* at *child protection*. Ito ay kinabibilangan ng Brgy. III at San Roque sa bayan ng Mercedes; Calangcawan Norte sa Vinzons; Batobalani, Bagumbayan at Palanas sa bayan ng Paracale; Parang, Osmeña at San Rafael sa Jose Panganiban, at Brgy. San Lorenzo sa bayan ng Sta. Elena.



Source: http//www.noteworthy.com

Maliban sa mga nabanggit, nakapaloob din sa *communication plan* ang pagkalap ng mga kwento ukol sa resulta ng adbokasiya ukol sa mga karapatang pambata sa mga *disparity barangays*. Ito ay sa pamamagitan ng *training on story-telling, journalism and broadcasting* gayundin ang *workshop/writeshop on documenting good practices* na parehong isasagawa sa darating na buwan ng Setyembre. Layunin nito na maibahagi ng mga kinauukulang sektor ang mga katangi-tanging gawain at proyekto na isinagawa nila para maisulong ang mga karapatan ng mga kabataan at kababaehan kasama na ang pagtamo ng angkop na nutrisyon. Kabilang din dito ang mga istratehiya na ginamit nila para higit pa sa *target* ang maabot nila.

Bilang suporta naman sa ika-20 taong anibersaryo ng *Convention on the Rights of the Child (CRC)*, isasagawa nito ang mga sumusunod na aktibidad sa huling

*(Sundan sa pahina 8)*

# Protected Area Management Board (PAMB)



**Gonzalo Binay, EERMD**

Dumalo sa *Protected Area Management Board (PAMB) Regional Roundtable Discussion* sina Amelia M. Lopez ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* at Gonzalo C. Binay ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.)* sa paanyaya ng lokal na tanggapan ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* dito sa Camarines Norte. Ito ay ginanap noong Agosto 26 -27, 2009 sa *DENR Multi-Purpose Hall*, Rawis, Legazpi City.

Kabilang din sa mga dumalo sa nasabing pulong ang 16 na *protected area superintendents* ng *DENR Regional Office V (DENR V)* at mga miyembro ng *PAMB* ng iba't-ibang pinangangalagaang pook o *protected areas* sa Rehiyong Bikol.

Ang naturang 2-araw na aktibidad na magkatuwang na itinaguyod ng DENR V at Tanggol Kalikasan ay tinampukan ng pagtalakay sa mga umiiral na batas tungkol sa panggugubat at pangisdaan *(forestry and fishery laws)*. Tinalakay rin dito ang batas sa pangangalaga ng buhay-ilang *(wildlife)* at pinangangalagaang pook *(protected areas)*.

Bahagya ring pinasadahan ang *National Cave* at *Chainsaw Acts* na sinundan naman ng pagtukoy sa mga suliranin sa pamamamahala sa mga *protected areas* sa Rehiyong Bikol kung saan ang mga dumalo ay nagbahagi ng kani-kaniyang problemang naranasan. Sa huling bahagi naman ng pagpupulong, pinag-usapan ang mga hakbang at paraan na maaaring makatulong sa ikalulutas ng mga problemang natukoy.

Ang mga naging tagapagsalita sa naturang gawain na pawang mula sa Tanggol Kalikasan ay pinangunahan ng kanilang *executive director* na si *Atty*. Ronely Sheen.

Sa mensahe ni *Forester* Felix C. Mendoza sa pagtatapos ng palatuntunan, lubos niyang pinasalamatan ang mga dumalo sa idinaos na pulong at dahil sa kanilang aktibong pakikilahok sa pagbalangkas ng mga istratehiya at hakbang para sa lalo pang ikapagtatagumpay at epektibong pamamahala sa mga pinangangalagaang pook o *protected areas* sa Bikol.

Bilang karagdagan, ang Rehiyong Bikol ay may 16 na *protected areas* kabilang na ang *Abasig-Matogdon-Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA)* na matatagpuan sa mga bayan ng Labo, San Lorenzo Ruiz at San Vicente gayundin ang *Bicol Natural Park* kung saan ang bahagi nito ay nasa Camarines Norte partikular na sa mga bayan ng Basud at San Lorenzo Ruiz. ***(GCB)***

# Mga piling larawan











*1) Binisita ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kasama si EA IV Engr. Gerry G. Quiñones ang Pamahalaang Barangay ng Pamorangon dito sa bayan ng Daet upang inspeksyonin ang ilang proyekto ng pamahalaang panlalawigan sa naturang barangay; 2) Si Engr. Gerry Quiñones kasama ang mga kandidata ng Mutya ng Mercedes nang sila ay bumisita sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.; 3) Tinanggap nina PB Joselito Perpetua, Chief Tanod Alfredo delos Santos at Chona Tenorio ang plaque of commendation mula sa mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan bilang pagkilala sa kanilang pagpapanatili ng kapayapaan sa Barangy IV, Daet; 4) Sina Engr. Wilson V. Porcincula at Luigi Martin P. Querubin ng CAO-G.O. nang sila ay dumalo sa pagsasanay sa digital photography at photo editing sa National Computer Center kung saan si Querubin ay nanalo bilang "Best in Photography".*



# Iba't-ibang...

(Mula sa pahina 5)

proteksyon sa mga kabataan kabilang na ang *RA 9208*.

Isinulong din ng *WVDFI* ang regular na pagtalakay sa mahahalagang isyu at usapin patungkol sa *RA 9208* at ang mga pangunahing aspeto/elemento ng naturang batas. Ito ay sa pamamagitan ng Tinig Bulilit, isang programa sa radyo na napapakinggan sa Camarines Norte at ilang bahagi ng mga lalawigan ng Camarines Sur, Quezon at Romblon.

Maliban dito, gumawa rin ito ng *anti-trafficking advocacy plugs* o patalastas sa radyo na patuloy na isinasahimpapawid araw-araw sa *DWCN-FM* ng pamahalaang panlalawigan, at sa *PBN-DZMD* lalo na sa programang Tinig-Bulilit.

Ipinahayag naman kamakailan ni Ms. Liza Vargas-Eyo, *Provincial Education Officer* ng *WVDFI-ABK2*, na magsasagawa pa sila ng iba't-ibang aktibidad para maipaabot sa mas maraming mamamayan ang mga mahahalagang impormasyon at kaalaman patungkol sa trapiking. Binigyang-diin niya na maraming mukha ang trapiking, kaya kailangan na ma-ging maingat at mapagmatyag ang publiko para hindi mabiktima ng mga *illegal recruiters*. ***LT IBASCO***

# Provincial ...

(Mula sa pahina 6)

bahagi ng taon: *Children's Congress/Assembly; Art Camp for Indigenous People (IP) Children*, at *Media Dialogue/Talakayan on CRC.*

Samantala, ang naturang plano ay binuo ng *Provincial Communication Task Force (PCTF)* sa pangunguna nina Ms. Elena B. Austria *Asst. Provincial Planning and Devt. Coordinator* at Nimfa Camara, *Statistician IV* ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)* at Marino Abogado, *Health Education Promotion Officer (HEPO)* ng *Provincial Health Office (PHO).* Nakatuwang naman nila sa *finalization* ng plano ang iba pang kasapi ng *Provincial Communication Task Force.* *LT IBASCO*

# List of Vacant Positions, Prov'l. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| (4 Casual) 3 Driver 1 | | 3 | | 1 | PGCN | Elementary School Graduate | None required | None required | Driver License | |
| 1 Messenger | | 2 | | 1 | PGCN | Elementary School Graduate | None required | None required | None required | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO***

# Buwan ng Wika...

(Mula sa pahina 1)

nugunita ang Buwan ng Wika ng paulit-ulit tauntaon upang sariwain ang naging papel sa paghubog ng kasaysayan ng nagkaisang lahi sa pamamagitan ng Wikang Filipino. Ngayong taon ay may paksang diwang "Wikang Filipino Simbolo ng Pagbabago at Nasyonalismong Filipino".

Ang nabanggit na tanggapan na pinamumunuan ni G. Abel Icatlo, Museum Curator I, ay nagsagawa ng mga sumusunod na paligsahan para sa mga mag-aaral sa elementarya at sekondarya sa layuning maitanghal ang galing ng mga kabataan at higit na mapaunlad ang talento at husay ng mga mag-aaral dito sa ating lalawigan:

- Paligsahan sa Pagkukuwento –ika 26 ng Agosto 2009;
- Paligsahan sa Balagtasan –ika 27 ng Agosto 2009;
- Paligsahan sa Madulang Sabayang Pagbigkas –ika 28 ng Agosto 2009.

Ang lahat na paligsahang nabanggit ay ginanap sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol,* Daet, Cams. Norte ganap na ika -1:00 ng hapon pagkatapos na makapagpalabas ang naturang tanggapan ng piyesa para sa mga paligsahang nabanggit sa iba't-ibang paaralang elementarya at sekondarya sa lalawigan upang makalahok sa nabanggit na paligsahan. ***(AIDA B. PANDEAGUA)***




*Si Kimberly Baluzo habang nagbibigay ng pampasiglang bilang.*



*Mga mag-aaral ng Daet Elementary School habang sinasaksihan ang mga gawain sa Buwan ng Wika.*



*Ang Sabayang Pagbigkas na ginanap sa Audio Visual Room ng Provincial Capitol kung saan nakamit ng Mabini Colleges ang Unang Gantimpala rito.*




*Ang mga nanalo sa Maikling Pagkukuwento kasama ang mga kawani ng Museo Bulawan at mga miyembro ng Lupon ng Inampalan at panauhing pandangal.*

# Buwan ng Serbisyo Sibil...

(Continued from page 10)
saan ang mga palaro ay magtatagal hanggang Setyembre 25.

Sa Setyembre 7, ika-8 n.u., makikiisa naman ang lalawigan ng Camarines Norte sa seremonya sa pagtataas ng watawat na magkakaalinsabay na isasagawa sa buong bansa.

Susog sa Atas Tagapagpaganap Blg. 2009-15 na ipinalabas ng tanggapan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr., ang iba pang aktibidad para sa 1-buwang selebrasyon ay ang mga sumusunod: Setyembre 8 – *Camarines Norte Council of Personnel Officers' (CNCPO) Outreach Activities with Civil Service Commission Field Office (CSC FO) Director* Elizabeth B. Mateo; Set. 9 – *CSC Updates/Public Unionism with CSC Director* Mateo at *Provincial Director* Robin M. Mercado ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*; Set. 11 – *Tree Planting and Family Day* (Brgy. Cayucyucan, Mercedes); Set. 11-14 – *Health Information Campaign and Healthy Lifestyle Activity*; Set. 15 – *Lobbying for the Adoption of the Philippine Human Rights Standard (PHRS) Guidelines and Protection of Children Against Trafficking* sa mga *disparity barangays* ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)*; Set. 16-18 – *Government Service Goes to the Mall and Quiz Bee*; Set. 21-23 – *Values Orientation Workshop (VOW)*; Set. 25 – *Bloodletting Activity*, at; Set. 30 – *Closing and Awarding Ceremony*.

Nakapaloob din sa naturang kaatasan ang pagbuo sa iba't-ibang komitiba na mangangasiwa sa mga nabanggit na aktibidad kung saan ang Komitibang Tagapagpaganap ay pangungunahan ni Gob. Typoco bilang tagapamuno at sina *CSC Field Office Dir.* Elizabeth B. Mateo at Bise Gobernador Roy A. Padilla, Jr. bilang katuwang na tagapamuno. Itinalaga naman dito bilang Pangkalahatang Tagapagpaganap sina Engr. Gerardo G. Quiñones, *executive assistant IV, Office of the Governor (G.O.)*; Edilberto C. Baraquiel, *Human Resource Management Officer IV, Human Resource Management Division (HRMD)-G.O.*; *CSC FO Dir.* Mateo; Catherine Pielago, *CSC FO*; at *CNCPO, Inc.* ***LT IBASCO***

# Turismo ng CNorte ...

(Mula sa pahina 1)
wang *report* ng *Department of Tourism (DOT)* na nilagdaan ni *DOT Secretary* Ace Durano.

Kaugnay nito, ipinaabot ni *Tourism-Officer Designate* Edgardo 'Boy' Reyes ang kanyang taus-pusong pasasalamat kay Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. dahil sa suportang ibinibigay nito sa iba't-ibang programa at gawaing panturismo na isinusulong ng *Provincial Tourism Office* na kanyang pinamumunuan. Pinasalamatan din ni Reyes ang mga panlalawigang tanggapan at mga pribadong samahan na tumutulong sa kanilang tanggapan para mapaunlad ang industriya ng turismo rito.

Samantala, nakasaad din sa ulat na sa 16 na nangungunang *tourist destinations* sa bansa, nakabilang ang anim (6) na lalawigan dito sa Rehiyong Bikol partikular na ang ating lalawigan kasama ang mga lalawigan ng Camarines Sur, Masbate, Legazpi, Catanduanes at Sorsogon.

Sa layunin ng gobernador na higit na makilala ang industriya ng turismo sa lalawigan, idinisenyo kamakailan ang *official tourism website* ng Camarines Norte, ang *www.fuertecamarinesnorte.com*.

Makikita rito ang mga pangunahing *tourist attractions* at *historical landmarks* sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. Kasama rin dito ang mga *tour packages* na maaaring pagpilian ng mga turista at bakasyunista gayundin ang mga hotels, inns at restawran na nag-aalok ng mga pagkain at inuming tatak-Camarines Norte, 'ika nga. Nakalagay rin sa *website* ang mga *beaches, resorts* at *islands* dito na tiyak na magugustuhan ng mga *surfers* at *divers enthusiasts.*

Kaya ano pang hinihintay ninyo? Halina! Dito na tayo sa Camarines Norte, *fuerte* ang mga lugar-panturismo rito gayundin ang mayamang kasaysayan at kultura nito lalo na ang magiliw na pakikitungo ng mga mamamayan dito. ***LT IBASCO***

# 3 paaralang...

(Mula sa pahina 4)
*Coordinator* Reniva para maisagawa rito ang liga kung saan nakuha nito bilang isponsor ang *Philippine Football Federation*.

Samantala, sa *semi-finals* ng liga sa *Rizal Monument Park* sa Oktubre 25 ay unang paghaharapin ang mga koponan na nasa una at ikaapat na ranggo kasunod ang mga koponan na nasa ikalawa at ikatlong ranggo.

Kaugnay nito, ang dalawang koponan na matatalo ay maglalaban para sa ikatlong puwesto. Magharap naman sa *championship game* ang dalawang nanalong koponan para makuha ang ikalawa at unang puwesto o ang kampeonato.

Ang tatanghaling kampeon dito ay tatanggap ng premyong P3,000.00 at posibilidad na maging kalahok sa *national tournament* na nakatakdang isagawa sa Disyembre. Pagkakalooban naman ng P2,000.00 ang makakukuha ng ikalawang puwesto at P1,000.00 naman para sa makapag-uuwi ng ikatlong puwesto. ***LT IBASCO***

# Pinag-ibayong pagsisikap...

(Continued from page 10)
kasalukuyang pagsisikap na makapagtatag at palakasin ang mga samahan at komunidad sa maigting na pagsugpo sa *child trafficking*.

Dumalo at naging panauhing tagapagsalita rito si USec. Ricardo Blancaflor ng Kagawaran ng Katarungan (DOJ) na kinatawan ni Sec. Agnes Devanadera na nangungulo sa *Inter-Agency Council Against Trafficking* (IACAT.

Pagkatapos ilahad ni Ms. Amihan Abueva, *IACAT Child NGO Representative* at kasalukuyang *Regional Coordinator* ng *Asia ACTs Against Child Trafficking*, ang Situation *of Child Trafficking in the Philippines*, na sinundan ni Dr. Marcelina G. Carpizo, Chairman ng PACT National Campaign Council ng paguulat tungkol sa PACT Milestones:2007-2009, nagbigay naman ng kani-kanilang *responses* sina Ms. Nur Jannah ng Indonesia na siyang *Regional Coordinator for Child Protection* ng Terre des Hommes-Netherlands (Tdh-NL), Ambassador Alistair MacDonald ng *Philippine Delegation to the European Commission*, Ambassador Robert G. Brinks ng The Netherlands.

Sa ikalawang araw, sinimulan ang *Knowledge Sharing* kung saan sina Special Investigator III Roland M. Demetria ng NBI-AHTRAD at Police Attaché Philippe Le Saux ng French Embassy ay tumalakay sa "*The Need for Cooperation Between NGO and Law Enforcers on the Issue of Child Trafficking and Child Sexual Exploitation*". Sinundan ito ng *Presentation of Good Practices* na isang OAK/TdH-NL Project kung saan ibinahagi ni Asia ACTs Training Officer Reggie Florendo ang Background/History ng proyektong ito. Ibinigay rin ni PACT National Coordinator Sally Ujano ang *Brief Introduction* sa *Good Practice* Project na nagbigay-daan sa pagpili at paglalahad ng *Good Practices*, kung saan ibinahagi sa pamamagitan ng "*Sharing of Local Efforts in the Anti-Child Trafficking Campaign*" ang karanasan ng mga sumusunod: *Zamboanga City: Child Protection* ni Dr. Marcelina Carpizo; *Camarines Norte: Public Awareness* ni Ms. Purita P. Briñas; *Asia ACTs: Policy Advocacy* ni Ms. Amihan Abueva, at; *Asia Partners: Good Practice on Child Participation* ni *Asia ACTs Training Officer* Ms. Reggie Florendo. Kasama ring nagbigay ng *input* sina USec. Alicia Bala ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan (DSWD), Atty. Anjanette Saguisag ng UNICEF, at Mr. Pol Moselina na tinalakay ang "*Continuing Challenges in the Anti-Child Trafficking Campaign and Child Rights Promotion in General*".

Tinalakay sa pangatlong araw ni Dr. Bernadette Madrid, Executive Director ng CPU-PGH, ang "*Healing and Support for Trafficked Children: Addressing their Comprehensive Health Concerns*".

Bago pa natapos ang araw na iyon, pinili ng General Assembly ang susunod na mga bubuo ng PACT National Campaign Council na magbibigay-direksyon sa pagpapatupad ng mga PACT programs ng National Secretariat na binubuo nina *National Coordinator* Sally C. Ujano, *Training Officer* Sheila G. Formento at *Finance Officer* Nancy Trani, na kung noong 1st GA ay binubuo lamang ng 9 na *seats*, subali't sa paglawak ng PACT *network* kinailangang gawing 11 *seats* lahat. Dito napili sina Dr. Marcelina G. Carpizo ng Western Mindanao State University bilang Chairman; Purita P. Briñas ng LGU Camarines Norte– Vice Chairman, Cabanatuan City Social Worker Helen Bagasao – Secretary, Elnora Tabios ng *Open Heart Foundation Worldwide, Inc.* – Treasurer, at ang mga naging miyembro ng Board ay sina: Bernardo Mondragon ng *Child Alert Mindanao*, Dionela Madrona ng *Provincial Council for Women* ng Negros Occidental, SPO4 Romeo Datuin ng PNP-NCRPO, MSWDO Jinky Sidocon ng Noveleta, Cavite, Lucita Villanueva ng DSWD Field Office VI sa Iloilo, Lavern Jabien ng PACT Cagayan de Oro, at MSWDO Fe Gallardo ng San Marcelino, Zambales.

Inaasahang sa mga susunod na panahon ay mas mapalalawak pa ang *network* upang mas mapag-ibayo ang pagsupil sa *human trafficking* partikular na kung mga bata ang biktima.



HRMO Edilberto Baraquiel

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO, 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# Buwan ng Serbisyo Sibil pinaghahandaan na ng lalawigan

Isang banal na misa ang isasagawa sa Setyembre 1, ika-4 n.h. sa *front lobby* ng Kapitolyo Probinsyal sa pagsisimula ng selebrasyon dito ng ika-109 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas simula Setyembre 1-30, 2009 na nakatuon sa temang *"HONORING OUR HEROES IN REPUBLIC SERVICE: Responsive, Ethical Public Servants with Vision, Impact, Commitment and Excellence".*

Ito ay susundan ng isang parada ng sulo *(torch parade)* sa *downtown Daet* na lalahukan ng mga matataas na opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan kasama ang lahat ng sangay ng mga pamahalaang lokal, pambansang ahensya at tanggapan, korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, pamantasan at kolehiyong pang-estado na nasa lalawigan.

Kinabukasan, Setyembre 2, isasagawa naman sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* ang pagbubukas ng *inter-agency sports fest competition* kung

(Sundan sa pahina 9)



*Ang tatlong larawan sa itaas ay ilan lang sa pasyalan ng mga turista sa lalawigan ng Camarines Norte. 1) Pulang-daga Beach sa Paracale; 2) Caringo Island Resort sa Mercedes, at; 3) Mahabang Buhangin Resort, Mangkawayan, Vinzons.*

*Para sa tour arrangement, makipag-ugnayan lang sa tanggapan ng Provincial Tourism Office, Provincial Capitol, Daet, Camarines Norte, Tel. (054) 721-3087.*

# Pinag-ibayong pagsisikap upang masugpo ang child trafficking isinagawa;

## Briñas napiling Vice-Chairman ng NCC

Ginanap noong Hulyo 27 hanggang ika-1 ng Agosto 2009 sa Garden Plaza Hotel, Paco, Manila ang isang pagsasanay na may temang: *"**Strengthening Efforts in Building Anti-Trafficking and Child Protective Communities**"* na isinagawa ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT).*

Ito ay dinaluhan ng may mahigit ding 70 kalahok na pawang mga opisyales ng mga lokal na samahan na binubuo ng LGUs, NGAs, POs, faith-based, academe, at NGOs na nagtataguyod sa kapakanan ng mga bata laban sa trapiking. Sila ay nagmula pa sa mga lalawigan sa buong bansa partikular sa Mindanao, Visayas at Luzon, na naglalayong mas mapag-ibayo pa ang pang-

(Sundan sa pahina 9)




*Si PACT National Coordinator Sally Ujano sa rostrum habang sina Ambassador Robert G. Brinks ng The Netherlands at NCC Vice Chair Purita Briñas ay nakikinig.*



*Si Undersecretary Ricardo Blancaflor ng Department of Justice habang ibinabahagi ang updates sa kampanya laban sa child trafficking.*



*Ang bagong pamunuan ng PACT National Campaign Council habang pinanunumpa ni Asia ACTs Regional Coordinator Amihan Abueva ng ECPAT.*




*Ang National Campaign Council sa una nilang pagpupulong na pinamunuan ni PACT Chairperson Marcy G. Carpizo.*